# BIBLE STUDY

PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

Small Group Sessions

Text:

# Lukas 15:11-32

WALKING in
## REPENTANCE & RESTORATION
MESSAGE SERIES

Oktubre 16-22

KBCF

# Lukas 15:11-32

*Mahalagang Prinsipyo sa Buhay*



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Dalawang Anak

11 Sinabi pa ni Jesus, "May isang tao na may dalawang
anak na lalaki. 12 Sinabi sa kanya ng bunso, 'Ama, ibigay na
po ninyo sa akin ang mamanahin ko.' At hinati nga ng ama
ang kanyang ari-arian. 13 Pagkalipas ng ilang araw,
ipinagbili[a] ng bunso ang kanyang bahagi at nagpunta sa
malayong lupain. Nilustay niya roon sa mga bisyo ang lahat
niyang kayamanan.

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

14 Nang maubos na ito, nagkaroon ng matinding
taggutom sa lupaing iyon, kaya't siya'y nagsimulang
maghirap. 15 Namasukan siya sa isang tagaroon, at siya'y
pinagtrabaho nito sa isang babuyan. 16 Sa tindi ng kanyang
gutom, at dahil sa wala namang nagbibigay sa kanya ng
pagkain, halos kainin na niya ang mga pinagbalatan ng mga
bungangkahoy na pinapakain sa mga baboy.

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

17 Ngunit napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa at
nasabi niya sa sarili, ‘Labis-labis ang pagkain ng mga alila ng
aking ama, samantalang ako'y namamatay dito sa gutom!
18 Babalik ako sa aking ama at sasabihin ko sa kanya,
“Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. 19 Hindi na po
ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo; ibilang na
lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila.”’ 20 At siya'y
nagpasyang umuwi sa kanila.

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

17 Ngunit napag-isip-isip niya ang kanyang ginawa at
nasabi niya sa sarili, ‘Labis-labis ang pagkain ng mga alila ng
aking ama, samantalang ako'y namamatay dito sa gutom!
18 Babalik ako sa aking ama at sasabihin ko sa kanya,
“Ama, nagkasala po ako sa Diyos at sa inyo. 19 Hindi na po
ako karapat-dapat na tawaging anak ninyo; ibilang na
lamang ninyo akong isa sa inyong mga alila.”’

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

20 At siya'y nagpasyang umuwi sa kanila.

“Malayo pa'y natanaw na siya ng kanyang ama, at dahil sa
matinding awa ay patakbo siyang sinalubong, niyakap, at
hinalikan. 21 Sinabi ng anak, ‘Ama, nagkasala po ako sa
Diyos at sa inyo. Hindi na po ako karapat-dapat na
tawaging anak ninyo.’

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

22 Ngunit tinawag ng ama ang kanyang mga alila, ‘Dali!
Kunin ninyo ang pinakamagandang damit at bihisan ninyo
siya! Suotan ninyo siya ng singsing at ng sandalyas. 23
Katayin ninyo ang pinatabang guya at tayo'y kumain at
magdiwang. 24 Sapagkat ang anak kong ito ay namatay na,
ngunit siya ay nabuhay; nawala, ngunit muling natagpuan.’
At sila nga'y nagdiwang.

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

25 “Nasa bukid noon ang anak na panganay. Nang umuwi siya at malapit na sa bahay, narinig niya ang tugtugan at sayawan. 26 Tinawag niya ang isang utusan at tinanong, ‘Bakit? Ano'ng mayroon sa atin?’ 27 ‘Dumating po ang inyong kapatid!’ sagot ng alila. ‘Ipinapatay po ng inyong ama ang pinatabang guya dahil ang inyong kapatid ay nakabalik nang buháy at walang sakit.’

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

28 Nagalit ang panganay at ayaw niyang pumasok sa
bahay. Pinuntahan siya ng kanyang ama at pinakiusapan.
29 Ngunit sumagot siya, ‘Pinaglingkuran ko kayo sa loob ng
maraming taon at kailanma'y hindi ko kayo sinuway. Ngunit
ni minsa'y hindi ninyo ako binigyan ng kahit isang maliit na
kambing para magkasayahan kami ng aking mga kaibigan.

# Lukas 15:11-32

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

30 Subalit nang dumating ang anak ninyong ito, na
lumustay ng inyong kayamanan sa masasamang babae,
ipinagpatay pa ninyo siya ng pinatabang guya!’ 31
Sumagot ang ama, ‘Anak, lagi kitang kapiling at ang lahat
ng aking ari-arian ay sa iyo. 32 Nararapat lang na tayo'y
magsaya at magdiwang, sapagkat namatay na ang kapatid
mo, ngunit nabuhay; nawala, ngunit muling natagpuan.’”

# Mahalagang Prinsipyo *sa Buhay*

“Bilang isang makasalanan na tumanggap na ng kapatawaran at ng biyayang pag-ibig ng Diyos, tatanggapin ko ng may kababaan ng loob ang iba ring mga makasalanan na natubos na sa pamamagitan ng biyaya at tatanggapin ko sila na kabilang sila sa pamilya ng Diyos.”

Ano ang ginawang desisyon ng bunsong anak para sa sarili? (v. 11 & 13) Ano ang nag-udyok sa kanya na gawin niya ito?

LUKAS 15:11-32

PAGTUKLAS 1

Ano ang nag-udyok sa kanya na makapag-isip-isip at mapagtanto ang kanyang maling nagawa? Ano ang napagpasiyahan niyang gagawin pagkatapos nito? (v. 14-16)

LUKAS 15:11-32

PAGTUKLAS 2

Nang makabalik na sa kanila ang palaboy na anak, ano ang naging pagtanggap sa kanya ng kaniyang ama? (v. 20.22-24). Anong mga bagay ang ginawa nito sa kanya?

LUKAS 15:11-32

PAGTUKLAS 3

Nang umuwi noon ang panganay na anak mula sa bukid at marinig niya ang tugtugan at sayawan at kasayahan at ang dahilan ay ang pagbabalik ng kanyang palaboy na bunsong kapatid, ano ang naging saloobin niya? (v. 28-30)

LUKAS 15:11-32

PAGTUKLAS 4

Sa palagay mo ba ay makatuwiran sa ama na ibigay na niya sa kaniyang anak ang pamana nito bago pa man siya mawala sa mundo? Ano ang kabutihan o kasamaan  nito?

LUKAS 15:11-32

PAG-UNAWA 1

Sa palagay mo, bakit ganoon ang naging saloobin at ginawang pagsalubong ng ama sa bumalik na lagalag na anak?

LUKAS 15:11-32
PAG-UNAWA 2

Sa palagay mo, bakit di maganda ang naging saloobin at  pagsalubong ng matandang kapatid sa kanyang bunsong kapatid at sa halip ay dapat siyang nagsasaya sa pagbabalik ng bunso?

LUKAS 15:11-32
PAG-UNAWA 3

Kanino mo na-maihahalintulad ang sarili mo sa parabolang ito? Sa nawawalang anak? Sa panganay na kapatid? Sa ama? Bakit?

LUKAS 15:11-32

PAGTUGON 1

Naisip mo ba minsan na ikaw ay “mas mabuting Krsitiyano” kaysa sa iba? Nainggit o nahili ka ba sa mga biyayang natanggap ng ibang Kristiayano sa Diyos? Paano mo maiiwasan ang kaisipan na ito, magkaroon ng tamang pananaw, at rumisponde ng tama at kalugod-lugod sa Diyos?

LUKAS 15:11-32

PAGTUGON 2

# LUKAS 15:11-32

*Mahalagang Prinsipyo sa Buhay*

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# Mahalagang Prinsipyo *sa Buhay*

"Bilang isang makasalanan na tumanggap na ng kapatawaran at ng biyayang pag-ibig ng Diyos, tatanggapin ko ng may kababaan ng loob ang iba ring mga makasalanan na natubos na sa pamamagitan ng biyaya at tatanggapin ko sila na kabilang sila sa pamilya ng Diyos."

Small Group Sessions

# Pangwakas na Panalangin



# BIBLE STUDY

PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

Small Group Sessions

Text:

# LUKAS 15:11-32

WALKING in
REPENTANCE & RESTORATION
MESSAGE SERIES

Oktubre 16-22

KBCF

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584